## ★ PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 34

Ang tumataas na mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan ay pumipiga sa milyun-milyong taga-California. Ang Prop. 34 ay magbibigay ng kinakailangang ginhawa sa mga pasyente at nagbabayad ng buwis sa California, at magpapababa ng mga gastos sa gamot ng estado, habang nakakatipid ng bilyon-bilyon para sa mga nagbabayad ng buwis sa California.

BAWASAN ANG PRESYO NG MGA INIRERESETANG GAMOT

Ang Prop. 34 ay lubhang magbabawas sa halaga ng mga inireresetang gamot para sa mga pasyente ng Medi-Cal sa pamamagitan ng permanenteng pagpapahintulot sa Estado ng California na makipag-ayos sa mas mababang gastos sa inireresetang gamot ng Medi-Cal.

PROTEKTAHAN ANG MGA PASYENTE AT NAGBABAYAD NG BUWIS

Ang Prop. 34 ay makakatipid ng milyun-milyong dolyar para sa mga nagbabayad ng buwis bawat taon sa pamamagitan ng pag-aatas sa mga pinakaganid na korporasyon ng pangangalagang pangkalusugan na gastusin ang hindi bababa sa 98% na pondo ng mga nagbabayad ng buwis na natatanggap nila sa pamamagitan ng programa ng diskwento sa gamot sa California sa direktang paggamot sa mga pasyente.

ITIGIL ANG PANG-AABUSO SA PANANALAPI NG MGA KORPORASYON NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN SA CALIFORNIA

Pinipigilan ng Prop. 34 ang labis na pang-aabuso sa pananalapi ng programa ng diskwento sa gamot na pinondohan ng mga nagbabayad ng buwis sa California.

Mahigit 30 taon na ang nakararaan, nagsimulang mag-alok ang pederal na pamahalaan ng mga may diskwentong inireresetang gamot at iba pang paggamot sa mga pasyenteng walang seguro at mababa ang kita. Gayunpaman, ang mga korporasyon ng pangangalagang pangkalusugan sa buong bansa ay gumamit ng legal na butas upang manipulahin ang sistema at ilihis ang pera mula sa programa ng diskwento sa gamot patungo sa mga proyekto na walang naitutulong sa mga pasyente: pag-aaksaya ng pera sa pagrenta ng mga football stadium para sa mga pribadong konsiyerto, pagbibigay ng multimilyong dolyar na suweldo sa kanilang mga ehekutibo, pagbabayad para sa karapatang pangalanan ang mga sports stadium, paggastos ng milyon-milyon sa paglolobi, at paglalagak ng milyon-milyon pa sa mga kampanyang pampulitika.

Ang mas masahol pa, ang mga parehong korporasyong ito na nakakakuha ng bilyun-bilyong dolyar ng nagbabayad ng buwis ay gumastos ng daan-daang milyong dolyar sa mga proyektong pabahay na kadalasang pinapatakbo tulad ng mga slum. Natuklasan ng isang imbestigasyon ng LA Times na ang mga residente sa ilang proyektong pabahay na ito ay napilitang manirahan sa maruruming kondisyon, nailalantad sa mga infestation ng ipis at surot, na naglalagay sa kalusugan at kaligtasan ng mga nangungupahan sa panganib.

Pipigilan ng Prop. 34 ang pang-aabusong ito sa California at kinakailangan na ang mga dolyar mula sa programa ng diskwento sa gamot na nalikha sa California ay gagamitin para sa kanilang nilalayong layunin: pagtulong sa mga pasyente.

PANANAGUTIN ANG MGA ABUSADO

Pinapanagot ng Prop. 34 ang mga lumalabag. Ang mga organisasyon ng pangangalagang pangkalusugan na lumalabag sa mga tuntunin at maling paggamit ng mga dolyar na bayad sa buwis ay dapat muling mangako na gagastusin ito sa direktang pangangalaga sa pasyente o mahaharap sa panganib na mawalan ng kanilang tax-exempt status at mga propesyonal na lisensya sa California.

Ang Prop. 34 ay nakatuon sa mga masasamang aktor na patuloy na inaabuso ang sistema upang makuha ang bilyon-bilyong dolyar ng nagbabayad ng buwis para sa kanilang sariling paggamit. Kaya namansinusuportahanito ng malawak na koalisyon, kabilang ang mga organisasyong nagsusulong na tulungan ang mga pasyente at lider sa komunidad ng LGBTQ. Kasama sa mga sumusuporta sa Prop. 34 ang Koalisyon ng California sa Pangangalaga ng Hindi Gumaling-galing na Karamdaman, ang Asosasyon ng ALS, ang Samahan sa Paggapi sa Epilepsy, Alyansa ng Nakatatanda sa California, AiArthritis, Network ng Suporta sa Fibromyalgia, Kapisanan para sa Lupus at Mga Kasamang Karamdaman, isang Ingkorporasyon, at ang Pambansang Network ng Akses sa Komunidad.

Panahon na upang isara ang butassakorporasyon na nagpapahintulot sa mga mayamang korporasyon ng parmasya na ilihis ang pera na nakalaan para sa pagtulong sa mga pasyente. Protektahan ang mga Pasyente Ngayon. Bumoto ng Oo sa Prop. 34. Alamin pa ang iba sa: *YesOnProp34.com.*

**Miyembro ng Asembleya Evan Low**, Dating Tagapangulo
Pambatasang Caucus ng LGBT

**Kelly Goss**, Namamahalang Direktor
Ang Asosasyon ng ALS

**Nilza Serrano**, Tagapagtatag
Pamana ng Latino sa Los Angeles



## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA PROPOSISYON 34 ★

Bumoto ng Hindi sa 34—Ang Inisyatiba ng Paghihiganti. Ang Kapisanan ng Apartment sa California, na kumakatawan sa mga bilyunaryong may-ari ng paupahan, ay nagsisinungaling. Ang Prop. 34 ay may isa at isa lamang na layunin: upang pigilan ang Pundasyon ng Pangangalaga sa Kalusugan sa AIDS (AHF) mula sa pagsuporta sa kontrol sa renta.

Naniniwala ka ba na bigla na lang nag-aalala ang mga bilyonaryong may-ari ng paupahan tungkol sa access sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga mahihirap na taga-California? At isang kasinungalingan na ito ay magpapababa ng mga gastos sa gamot dahil ang Medi-Cal ay nagpatupad na ng isang murang programa sa gamot.

Ang AHF ay ang sponsor ng Prop. 33—ang inisyatiba sa pagkontrol sa renta. Ang mga may-ari ng paupahan ay gumagastos ng sampu-sampung milyon upang protektahan ang kanilang labis na kita habang higit sa 50% ng 17 milyong nangungupahan sa California ay nagbabayad ng higit sa 30% ng kanilang kita sa renta.

Maaari mong mapansin na hindi nila bin abanggitang pangalan ng AHF dahil ayaw nilang malaman mo na gusto nilang saktan ang pinakamalaking organisasyon ng AIDS sa mundo.

Nagsisinungaling sila nang tawagin nila ang pederal na 340B na programang diskwento sa gamot na pera ng gobyerno. 100% ng mga pondo na nakuha mula sa 340B ay mula sa mga diskwento na mula mismo sa mga bulsa ng mga kompanya ng gamot.

Huwag magpalinlang—nag-ambag ang malaking pharma sa marami sa mga sumusuportang organisasyon para sa Prop. 34. Ang isang malakas na programang 340B ay mabuti para sa California, masama para sa malaking pharma.

Ayon sa kanila mismo, pinapayagan ng pederal na batas ang mga non-profit na gamitin ang mga diskwento ng kompanya ng gamot alinsunod sa kanilang misyon bilang non-profit—pagsusulong ng kontrol sa renta, karapatan ng kababaihan na reproduktibo, at isang malusog na kapaligiran.

Bumoto ng Hindi sa Inisyatiba ng Paghihiganti.

**Jerilyn Stapleton**, Miyembro ng Lupon
Pambansang Organisasyon para sa mga Babae

**Jamie Court**, Pangulo
Nagbabantay sa Mamimili

**Larry Gross**, Ehekutibong Direktor
Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan

 Ang mga pangangatwirang nakalimbag sa pahinang ito ay mga opinyon ng mga may-akda, at hindi nasuri para sa katumpakan ng alinmang opisyal na ahensiya.

## ★ PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 34 ★

Ang Proposisyon 34 ay itinataguyod ng mga bilyonaryo na may-ari ng paupahan na kumokontrol sa Kapaisanan ng Apartment ng California (CAA).

Ang inisyatiba na ito ay isang lobo sa pananamit ng tupa. Ito ay may isang layunin lamang: upang pigilan ang Pundasyon ng Pangangalaga sa Kalusugan sa AIDS (AHF) mula sa pagsulong ng kontrol sa renta. Sinasabi nitong poprotektahan ang mga pasyente, ngunit ang tunay na layunin nito ay pigilan ang AHF sa paglalagay ng mga proteksyon para sa mga nangungupahan sa balota.

Sa kaparehong balotang ito may Proposisyon 33, ang inisyatiba sa pagkontrol sa renta na may 23 na salita lamang:

"Hindi maaaring limitahan ng estado ang karapatan ng anumang lungsod, county, o lungsod at county na panatilihin, ipatupad, o palawakin ang kontrol sa renta sa tirahan." Ang AHF ang pangunahing tagapondo ng inisyatibang ito para sa kontrol sa renta. Ipinapanumbalik ng Proposisyon 33 ang kakayahan ng mga lokalidad na patatagin ang mga renta at magbigay ng kaunting ginhawa sa 17 milyong nahihirapang nangungupahan sa California.

Ang CAA at ang mga bilyonaryong tagasuporta na nagsasamantala sa mga nangungupahan ay nais na pigilan ang kontrol sa renta sa lahat ng paraan. May naniniwala ba na bigla na lang naging interesado ang mga korporatibong may-ari ng paupahan sa pangangalagang pangkalusugan? At hulaan kung sino ang nasa likod ng walang katupasang mga anunsiya na makikita mo para sa Prop. 34—ang malalaking kompaya ng gamot sa pamamagitan ng kanilang mga binili at binayarang mga front group. Ang dalawang mapanlinlang na industriya na ito ay nagkakaisa sa pagnanais na sirain ang AHF, na siyang pinakamakapangyarihang boses para sa mas mababang renta at mas mababang presyo ng gamot.

Ang AHF ay ang pinakamalaking organisasyon sa AIDS sa mundo na may 2 milyong buhay sa kanilang pangangalaga sa 47 bansa sa buong mundo. Ang aming misyon ay: Makabagong Medisina at Pagtataguyod Kahit Walang Kakayahang Magbayad.

Ang AHF ay ipinanganak dahil sa galit na ang mga pasyente ng AIDS ay madalas na namamatay sa mga pasilyo ng ospital ng county. Ang mga pasyenteng may AIDS ay nangangailangan ng tahanan upang doon mamatay. Sa kabutihang palad, ang paggamot sa HIV ay bumuti nang husto kaya ngayon ang pabahay ang #1 na problemang kinakaharap ng ating mga pasyente.

Ang Proposisyon 34 ay isang matinding panganib sa demokrasya. Nilalayon nitong gawing sandata ang proseso ng inisyatiba sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa makapangyarihang mga interes na asintahin ang isang organisasyon upang parusahan at isara sila. Kung maipapasa, ang proposisyong ito ay magbabanta sa kakayahan ng mga organisasyon na isulong ang mga reproduktibong karapatan, mga pangangailangan ng umuupa, at mga proteksyon sa kapaligiran. Inilarawan pa nga ito ng Los Angeles Times bilang isang "makasariling" inisyatiba sa balota na umabot sa "bagong kababaan."

Kung ito ang magiging batas, saan ito titigil? Dahil dito, tinutulan ito ng Pambansang Organisasyon para sa mga Babae, Nagbabantay sa Mamimili, Ang Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan, UNITE HERE Local 11, Dolores Huerta, at marami pang iba.

Nagtitiwala kami na kayo, ang mga botante, ay makakakita sa panloloko ng korporatibong may-ari ng paupahan at boboto ng HINDI sa Proposisyon 34.

Bisitahin ang *www.votenoon34.org* para sa karagdagang impormasyon.

**Jerilyn Stapleton**, Miyembro ng Lupon
Pambansang Organisasyon para sa mga Babae

**Larry Gross**, Ehekutibong Direktor
Koalisyon para sa Kaligtasang Pangkabuhayan

**Condessa M. Curley**, **M.D. /MPH**, Miyembro ng Lupon
Pundasyon ng Pangangalaga sa Kalusugan sa AIDS



## ★ SAGOT SA PANGANGATWIRANG LABAN SA PROPOSISYON 34 ★

Kapag mayroon tayong masasamang korporasyon na kumikita mula sa mga pampublikong programa, ang mga serbisyong inaasahan ng ating mga pamilya ang naaapektuhan, kabilang ang mga paaralan, kaligtasan ng publiko, at mga tagatugon sa emerhensiya. Ang kasalukuyang sistema ay inaabuso ng mga korporasyon na nag-aaksaya ng bilyun-bilyong dolyar na inilalaan para sa pangangalaga ng pasyente bawat taon at ginagawang mas ligtas ang ating mga komunidad, na naglalagay sa panganib sa kalusugan at kaligtasan ng publiko.

Sa halip na tulungan ang mga pasyente, ang mga pondong iyon ay ginagamit upang:

Pondohan ang mga slum na hindi ligtas at lumalabag sa mga pamantayan sa kalusugan:

*https://www.latimes.com/homeless-housing/story/2023-11-16/aids-healthcare-foundation-low-income-housing-landlords*

Idemanda ang mga nangungupahan na mababa ang kita at itapon sila sa kalye:

*https://www.poz.com/article/aids-healthcare-foundation-reportedly-houses-tenants-squalid-conditions*

Bumili ng mga karapatan sa pagpapangalan ng stadium:

*https://www.nytimes.com/2022/09/24/health/bon-secours-mercy-health-profit-poor-neighborhood.html*

At bayaran ang mga CEO ng korporasyon ng milyon-milyon:

*https://lowninstitute.org/projects/2023-shkreli-awards/*

Pipigilan ng Prop. 34 ang pinakamasamang pang-aabuso ng mga korporasyon sa pederal na mababang-presyo na programa sa inireresetang gamot at titiyakin na ang perang nakalaan para sa mga pasyente ay hindi masasayang sa mga proyekto ng korporasyon, mga kampanyang pampulitika, o magagamit sa mga paraang naglalagay sa panganib sa kalusugan at kaligtasan ng publiko. Titiyakin ng Prop. 34 na ang mga korporasyon na maling ginagamit ang mga pampublikong pondo ay mananagot. Panahon na para itigil ang panloloko. Dapat nating tiyakin na ang perang nakalaan para sa mga pasyente ay ginagamit sa pag-aalaga sa mga nangangailangan ng tulong, hindi sa mga paraang naglalagay sa panganib sa kaligtasan ng publiko. Bumoto ng Oo sa 34.

**Brian K. Rice**, Pangulo
Mga Propesyonal na Bumbero ng California

**Stuart Fong**, Tagapangulo
San Francisco Hep B Free

**Rev. Dwight E. Williams**, Tagapangulo
Alyansa ng Nakatatanda sa California